

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin. Layunin nitong tulungan kang maunawaan ang nilalaman ng Abiso.
Ang bersyong Hapon ang opisyal na dokumento na inilathala ng public health center.
Ang isinalin na dokumentong ito ay hindi opisyal na dokumento.

6

Kung nasuri na may Tuberkulosis at ma-confine... (Artikulo 37)

★ Ano ang Tuberkulosis (TB)?

Ang Tuberkulosis ay sakit na mula sa paglanghap ng bakterya na *tubercle bacillus* at karaniwang ito ay nagdudulot ng impeksyon sa baga. Kung ikaw ay nagka-sakit ng Tuberkulosis, hangga't walang bakteriyang *tubercle bacillus* na natatagpuan sa iyong plema, ito ay hindi nakakahawa sa ibang tao.

Ngunit kung ang bakteriyang *tubercle bacillus* ay natagpuan sa iyong plema, ito ay maaring kumalat sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahing. Kapag nakalanghap o natalstikan ang ibang tao na nasa paligid nito, sila ay may posibilidad na mahawaan ng sakit na ito. (Kung sakaling ma-impeksiyon ng tuberkulosis, may mga tao na ang bakteriya ay nananatili lamang sa loob ng kanilang katawan at wala itong dulot na sintomas.)

Ang sakit na tuberkulosis ay malulunasan kapag sinunod ang mga tagubilin ng doktor, at pagpapatuloy na tumupad sa pag-inom ng gamot (karaniwan mga mahigit na 6 na buwan).

★ Notipikasyon ng tuberkulosis

Ang tuberkulosis ay nakakahawang sakit, batay sa batas, kung nasuri ng doktor na ang pasyente ay may tuberkulosis kinakailangan na ipagbigay-alam ng doktor ang lugar ng tirahan, pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian at trabaho ng pasyenteng ito sa Health Care Center.

Ang Health Care Center na nakatanggap ng abiso mula sa doktor ay, manghihingi ng detalye mula sa medikal na institusyon na pinagpasurian at magsasagawa ng interbyu sa taong may tuberkulosis at sa kapamilya nito tungkol sa mga sintomas at sa kalagayan ng pamumuhay.

★ Babala sa pagpapa-confine sa Ospital at Human Rights Protection

Bilang resulta sa mga isinagawang interbyu ng Health Care Center, kung napatunayan na may posibilidad na makahawa sa kasambahay ang pasyenteng may tuberkulosis, ang Health Center ay magbibigay sa pasyente ng 「Rekomendasyon na Magpa-ospital ayon sa batas ng *Pag-iwas sa Nakakahawang sakit*」 upang mag pa-confine sa isang medikal na institusyon para sa mga may sakit na Tuberkulosis.

Upang maprotektahan ang Human Rights ng mga pasyente, maaring magbigay ng opinyon o reklamo ang pasyente at ang kanilang mga pamilya sa Health Care Center.

Ang Health Care Center ay magbibigay ng 「Rekomendasyon na Magpa-ospital」 matapos na isaalang-alang ang opinyon ng pasyente at ng mga espesyalista mula sa konseho ng pag-eksamen ng nakakahawang sakit.

(Tandaan) Ang 「Rekomendasyon na Magpa-ospital」 ay hindi ibibigay sa pasyenteng nangangailangan magpa-confine na iba ang sakit at walang panganib na makahawa sa ibang tao,

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin. Layunin nitong tulungan kang maunawaan ang nilalaman ng Abiso.
Ang bersyong Hapon ang opisyal na dokumento na inilathala ng public health center.
Ang isinalin na dokumentong ito ay hindi opisyal na dokumento.

★ Sistema para sa paggamit ng Pampublikong Pondo para sa medikal na bayarin

Ilang bahagi nang mga gastusin sa pagpapagamot ay papasanin ng pamahalaan kung kinakailangang ma-confine dahil sa pagpapatupad ng 「Rekomendasyon na Magpa-ospital」 sa medikal na institusyon para sa may sakit na tuberkulosis. (Depende sa kinikita, maaring sakupin ng pampublikong salapi ang buong halaga ng medikal na bayarin sa pagpapa-gamot ng TB.)

Batay sa aplikasyon, i-isyuhan ka ng Health Care Center ng 「Sertipiko ng pasyente」 upang ipakita ito sa medikal na institusyon upang magamit ang pampublikong pondo para sa medikal na bayarin.

★ Medikal check-up ng taong nakaugnayan ng pasyenteng may tuberkulosis.

Ang Health Care Center ay magrerekomenda kung kinakailangan na suriin ang kalusugan ng pamilya o ng taong nakaugnayan ng pasyente sa pang-araw-araw na pamumuhay, kung sila ay may posibilidad na nahawaan din ng sakit na Tuberkulosis.

Para sa Impormasyon o Konsultasyon . . .

